# Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 25

"7 Mapalad ang mga mahabaging: sapagkat sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7)

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito upang malaman natin kung paano ang Diyos ay nagpakita ng awa upang ating makuha kung paano magpakita ng awa sa iba.

"36 Magmaawain kayo, gaya naman ng inyong Ama na maawain." (Lucas 6:36)

B. "27 Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan." (Santiago 1:27)

Ang pagaalaga para sa mga balo, solong ina, at mga ulila ay isang mahalagang pamamaraan ng pagpapakita ng awa. Kapag tayo ay nagdadala ng Salita ng Diyos at ng Kaniyang pagibig sa mga balo at sa mga ulila tayo ay nagpapahayag ng ebanghelyo. Sa katunayan, ang mga balo at mga ulila ay may pagmamalasakit ng Diyos, at kahit mula sa Lumang Testamento, habang ating mababasa sa Deutronomio 26:12 "12 Pagkatapos mo ng pagbibigay ng buong ikasangpung bahagi ng iyong pakinabang sa ikatlong taon, na siyang taon ng pagbibigay ng ikasangpung bahagi, ay magbibigay ka nga rin sa Levita, sa taga ibang lupa, sa ulila, at sa babaing bao, upang sila'y makakain sa loob ng iyong mga pintuang-daan, at mabusog;". Ang mga Isarelita ay responsible sa harap ng Diyos upang pagmalasakitan ang mga balo at mga ulila na nakapaligid sa kanila. Bahagi ng ikapu ay ibinibigay sa mga balo, ang walang ama at mga dayuhan: ang mga pangkat na nangangailangan ng awa ng Diyos. Sa bawat bayan mayroong mga balo, mga ulila, mga dayuhan at mahirap na mga tao, ang bayan ng Diyos ay may pananagutan upang tingnan sila. Bakit ang mga balo at mga walang asawa ay kinakailangan alagaan? Sapagkat sila'y mga babae, ang mahihinang kasangkapan, at sila'y nangangailangan ng lakas at suporta mula sa iba.

Ang mga balo at mga ulila ay hindi sinasabing iniwan ng Diyos, Kaya't sila'y dapat na hindi iwanan natin. Ang Panginoon ay nagbibigay sa kanila na ating mababasa sa I Hari 17:7-16. "7At nangyari, pagkaraan ng sanggayon, na ang batis ay natuyo, sapagka't walang ulan sa lupain. 8 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya, na sinasabi, 9 Ikaw ay bumangon, paroon ka sa Sarepta, na nauukol sa Sidon, at tumahan ka roon: narito, aking inutusan ang isang baong babae roon na pakanin ka. 10 Sa gayo'y bumangon siya, at naparoon sa Sarepta; at nang siya'y dumating sa pintuan ng bayan, narito, isang baong babae ay nandoon na namumulot ng mga patpat: at tinawag niya siya, at sinabi, Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaunting tubig sa inuman, upang aking mainom. 11At nang siya'y yumayaon upang kumuha, tinawag niya siya, at sinabi, Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay. 12 At kaniyang sinabi, Ang Panginoon mong Dios ay buhay, ako'y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito, ako'y namumulot ng dalawang patpat, upang ako'y pumasok, at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain, bago kami mamatay. 13 At sinabi ni Elias sa kaniya, Huwag kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi, nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak. 14 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa. 15 At siya'y yumaon, at ginawa ang ayon sa sabi ni Elias: at kumain ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan na maraming araw. 16 Ang gusi ng harina ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan, ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Elias." Sa pahinang ito, nagawang ipakita ng malinaw na ang Diyos ang nagbibigay para sa mga babaing balo pagkatapos niyang marinig at sumunod sa Salita ng Diyos na ipinahayag ni Elias sa kanya: "13 At sinabi ni Elias sa kaniya, Huwag kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi, nguni't igawa mo muna ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak." (1 Hari 17:13) Ang mga balo at ang kanilang mga anak, solong ina at ang kanilang mga anak ay maayos na ipinagkakaloob ng Diyos kapag narinig nila at inilapat ang Salita ng Diyos na sinasabi ng simbahan sa kanila upang gawin.

Ang pageebanghelyo at paggawa ng mga alagad ay pamamaraan ng Diyos upang ipakita ang awa sa mga tao. Kapag ang mga tao'y tumugon sa mensahe ng Salita ng Diyos at tinanggap si Jesus at ang Kanyang Salita sa kanilang buhay sila'y makakatanggap ng awa ng Diyos.

Ano ating napagpasyahan na ang biyaya ng Diyos sa mga balo, at mga ulila ay alinsunod sa kanilang pagsunod and kanilang paglalapat ng Salita ng Diyos. Ako'y hindi nagsasabi dito na huwag tulungan ang mga balo, babae, mga ulila o ang mga nangangailangan, ngunit Una, kailangan nating ibigay sa kanila ang Salita ng Diyos, at Pangalawa, sila'y kailangan upang sumunod upang ang Diyos ay bigyan sila. Noong ang balo ay sumunod kay Elias, Ang pangako ng Diyos ay nagkatotoo sa kanyang buhay. "14 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoon sa ibabaw ng lupa. (1 Hari 17:14) Si Elias ay hindi kayang gumawa ng langis at ang harina upang magpatuloy, at hindi kayang magpadala ng ulan sa lupa, ngunit kaya niya at kailangan niyang ibigay ang Salita ng Diyos, at ang Panginoon ang gagawa ng ganitong himala kapag ang balo ay sumunod.

Pagkatapos, ano pa ang ginawa ni Elias? Siya ay nagdasal, kaya niyang ibuka ang kanyang bibig ay magsalita ng Salita ng Diyos at magutos, at kaya niyang ibuka ang kaniyang bibig at kumain ng pagkain na ang balo ay inihanda para sa kanya. Ang Diyos ay ipinadala si Elias sa balong iyon upang ibigay para sa kanya. Si Jesus ay binanggit ito sa Lucas 4:24-26 "24 At sinabi niya, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Walang propetang kinalulugdan sa kaniyang tinubuang lupa. 25 Datapuwa't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maraming mga baong babai sa Israel nang mga araw ni Elias, nang sarhan ang langit sa loob ng tatlong taon at anim na buwan, noong datnan ng malaking kagutom ang buong sangkalupaan; 26 At sa kanino man sa kanila ay hindi sinugo si Elias, kundi sa Sarepta sa lupa ng Sidon, sa isang babaing bao." Si Elias ay hindi ipinadala sa mga balo ng Israel dahil sila'y ayaw makinig at mailapat ang Salita ng Diyos. Kaya't ating napagpasiyahan na ang awa ng Diyos ay makakaabot sa mga gusto na magsisi mula sa kanilang mga kasalanan, at silang gustong makinig sa utos ng Diyos at ng katuruan ng Kaniyang Salita sa pamamagitan ng simbahan ng Diyos at mga lalaki ng Diyos.

Mula sa aking karanasan sa aking ministerio, kapag ang mga kapos palad ay nagnananais upang makinig sa Salita ng Diyos, pagkatapos hindi ko nakikita ang aking sarili na kailangan upang ibigay sa kanila ang materyal na mga bagay, bukod sa unang baytang ng pagbibigay lunas, at paminsan minsang mga pangyayari. Ngunit sa halip sila'y may kapasidad na magbigay at suportahan ang kanilang mga sarili at ang iba.

Walang kapalit para sa mga kapos palad upang magsisi at magsimulang makinig ng Salita ng Diyos at sumunod; na ito'y makakagawa sa kanila mailipat sa ilalim ng totoong awa ng Diyos.

Si Elias sa pamamagitan ng pamamalagi kasama ng balo, itinuwid niya siya sa Salita ng Diyos at sa pamamagitan ng panalangin sa pag harap sa mga pangyayari na kanyang pinagdadaanan at nangyari sa kanyang buhay. Ating basahin kung paano si Elias ay hinarap ang babae noong ang kanyang anak ay nahulog sa kamatayan at paano si Elias ay tumulong sa kanya upang ibalik ang kanyang buhay. "17 At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ang anak na lalake ng babae, na may-ari ng bahay ay nagkasakit; at ang kaniyang sakit ay malubha, na walang hiningang naiwan sa kaniya. 18 At sinabi niya kay Elias, Ano ang ipakikialam ko sa iyo, Oh ikaw na lalake ng Dios? ikaw ay naparito sa akin upang ipaalala mo ang aking kasalanan, at upang patayin ang aking anak! 19 At sinabi niya sa kaniya, Ibigay mo sa akin ang iyong anak. At kinuha niya sa kaniyang kandungan, at dinala sa silid na kaniyang tinatahanan, at inihiga sa kaniyang sariling higaan. 20 At siya'y dumaing sa Panginoon, at nagsabi, Oh Panginoon kong Dios, dinalhan mo rin ba ng kasamaan ang bao na aking kinatutuluyan, sa pagpatay sa kaniyang anak? 21 At siya'y umunat sa bata na makaitlo, at dumaing sa Panginoon, at nagsabi, Oh Panginoon kong Dios, idinadalangin ko sa iyo na iyong pabalikin sa kaniya ang kaluluwa ng batang ito. 22 At dininig ng Panginoon ang tinig ni Elias; at ang kaluluwa ng bata ay bumalik sa kaniya, at siya'y muling nabuhay. 23 At kinuha ni Elias ang bata, at ibinaba sa loob ng bahay na mula sa silid, at ibinigay siya sa kaniyang ina: at sinabi ni Elias, Tingnan mo, ang iyong anak ay buhay. 24 At sinabi ng babae kay Elias, Ngayo'y talastas ko na ikaw ay lalake ng Dios, at ang salita ng Panginoon sa iyong bibig ay katotohanan." (1 Hari 17:17-24) Si Elias ay walang iibinigay sa babaeng balong ito bagkus ang panalangin at Salita ng Diyos. Siya'y nanalangin at inilatag ang kanyang sarili sa kanyang patay na anak at ang batang lalaki ay gumaling. Ngunit siya'y tumatanggap mula sa kanya ng pagkain at kaniyang pang araw araw na pangangailangan. Muli hindi ko sinsabi na huwag dapat tayong magbigay ng materyal na mga bagay, bagkus tayo ay huwag magpabaya upang ibigay sa kanila ang Salita ng Diyos, utusan sila upang sumunod, turuan sila upang magbigay sa Diyos, at upang tumulong sila sa pananalangin.

Si Elias ang kaniyang presensya sa buhay ng babae, ang kanyang kabanalan ay nahatulan ang babae upang magsisi at pumunta ng buo sa Diyos sa pagsisisi at tanggapin ang paraan ng Diyos sa buhay at sa wakas natanggap niya ang kaniyang anak na lalaki na bumalik mula sa kamatayan upang mabuhay muli.

Ang balo ay nakilala at nakita ulit ang lahat ng pagsubok na kanyang pinagdaanan sa pamamagitan ng walang kamatayan, ni kakulangan o gutom bagkus ang Diyos ay nagsalita sa kanya sa Kanyang Salita sa pamamagitan ni Elias na Kanyang lalaki. Siya'y naniwala at inihayag ito kay Elias noong sinabi niya sa kanya, "24 At sinabi ng babae kay Elias, Ngayo'y talastas ko na ikaw ay lalake ng Dios, at ang salita ng Panginoon sa iyong bibig ay katotohanan.” (1 Hari 17:24) Siya'y naniwala na anong kanyang sinalita ay totoong Salita ng Diyos. Ang kabanalan at pamumuhay para sa Diyos at pagsunod upang kumilos at gawin ang Kanyang kalooban kahit sa pagdurusa ay daan para sa Diyos upang gamitin ang ating buhay upang ipakita ang awa sa iba habang tayo ay sumusunod na gawin ang Kaniyang kalooban. Kapag tayo ay namumuhay sa kabanalan ng buhay ang Diyos ay gagawa ng himala sa iba sa pamamagitan ng ating buhay. Paanong maaabot ng Diyos ang babaeng iyon at ipakita sa kanya ang awa kung walang kagustuhan ni Elias na pumunta kung saan nais ng Diyos siya pumunta at gawin kung ano ang nais ng Diyos na gawin niya at upang mamuhay sa istilo ng Diyos na gusto Niya upang mabuhay?..

Ang pageebanghelyo at pagpapakita ng pagibig at ng awa ng Diyos sa mga balo at mga ulila at sa lahat ng mga kapos palad na pangkat katulad ng mga babae, ang mahina kasangkapan, ang may sakit, ang solong ina, ang solong magulang, ang mga nasa kulungan at sa lahat ay walang pagdidisipolo at pagdidiin sa kabanalan. Dapat mong malaman na ang pagbibigay at pangangalaga ng walang pagdidiin sa kabanalan ay hindi page ebanghelyo o ni pagibig g Diyos o Kanyang awa.

Ang pageebanghelyo at pagpapakita ng pagibig at awa ng Diyos sa mga balo at mg ulila at sa lahat ng mga kapos palad na pangakat katulad ng babae, ang mahihinang kasangkapan, ang may sakit, ang solong ina ang solong mga magulang, ang mga nasa kulungan at sa iba ay wala ang ating kagustuhan upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, upang sumunod sa Kanya, maging ano man ang nais Niyang maging, pumunta saan man Niya nais tayong pumunta at mabuhay ng istilo ng buhay na nais Niya na ikaw ay mabuhay.

Dapat mong malaman na ang pagbibigay at pangangalaga ng walang pamumuhay sa kabanalan ay hindi mabisa o ni mamunga. Ang pamumuhay sa Salita ng Diyos at pamumuhay sa usapin ay mga kasanayan na ang Diyos ay kinakailangan sa atin upang taglayin at ipahayag sa ating buhay.

Mula sa 1 Timoteo 5, ating natutunan ang paraan kung paano pangalagaan ang mga balo, at maari nating magamit iyon sa solong ina, solong magulang, silang mga nasa kulungan, ang may sakit at sa mga kapos palad.

"3 Papurihan mo ang mga babaing bao na tunay na bao. 4 Nguni't kung ang sinomang babaing bao ay may mga anak o mga apo, magsipagaral ang mga ito muna ng pamamahalang may kabanalan sa kanilang sariling sangbahayan, at magsiganti sa kanilang mga magulang: sapagka't ito'y nakalulugod sa paningin ng Dios. 5 Kaya't ang tunay na babaing bao at walang nagaampon, ay may pagasa sa Dios, at nananatili sa mga pagdaing at mga panalangin gabi't araw." (1 Timoteo 5:3-5) Ang mga anak at ang mga apo ay responsable upang alagaan ang mga babaeng balo, at upang magkaroon ng awa sa kanilang mga magulang at mga lolo at lola, at kapalit ang mga babaeng balo ay magpakita ng dedikasyon sa Diyos, pagbibigay ng tiwala sa Kanya, at pamumuhay sa kabanalan. Ang mga babaeng balo na nangangailangan ay dapat magtiwala sa Diyos, sumunod sa Kanyang Salita, namumuhay sa pananalangin at maging mabuting halimbawa sa iba sa katawan ni Cristo sa namumuhay sa kabanalan at sa paglilingkod sa Diyos.

"6 Datapuwa't ang nangagpapakabuyo sa mga kalayawan, bagama't buhay ay patay." (1 Timoteo 5:6) Ang mga babaeng balo na nabubuhay para sa kasiyahan ay hindi karapat dapat suportahan ng walang pagsaway. "7 Ang mga bagay na ito'y iutos mo rin naman, upang sila'y mawalan ng kapintasan." (1 Timoteo 5:7) Ang mga tagubilin mula sa Bibliya ay kinakailangan upang ang lahat ay malaman kung paano haharapin ang mga isyu ng mga balo o ng isang solong magulang at upang ipakita sa mga nagnanais upang sumunod. Kapag ang mga tao ay nalalaman ang ganito patakaran ng Diyos at ginawa nila, sila'y walang kapintasan sa harap ng Diyos.

"8 Datapuwa't kung ang sinoman ay hindi nagkakandili sa mga sariling kaniya, lalong lalo na sa kaniyang sariling sangbahayan, ay tumanggi siya sa pananampalataya at lalong masama kay sa hindi sumasampalataya." (1 Timoteo 5:8) Ang mga anak at mga apo ay tinawag upang ibigay ang para sa mga balong mga magulang at mga lolo't lola at ito'y kung paano nila ipinapahayag ang kanilang pananampalataya at ito ang kailangan natin ituro sa kanila upang ang awa ng Diyos ay dumaloy, at sa mga nasa ilalim ng mga pribilehiyo. Ganon din ang mga babaeng balo ay tinawag upang maging masunurin sa Salita ng Diyos at mamuhay sa kabanalan. "16 Kung ang sinomang babaing nanampalataya ay may inaampong mga babaing bao, ay umabuloy sa kanila, at huwag pabigatan ang iglesia, upang maabuluyan nito ang mga tunay na bao." (1 Timoteo 5:16) Ang simbahan ay dapat tumulong at magbigay para sa mga wala.

"9 Huwag itala na gaya ng babaing bao samantalang walang anim na pung taon, na naging asawa ng isang lalake,10 Na may mabuting patotoo tungkol sa mabubuting gawa; kung siya'y nagalaga sa mga anak, kung siya'y nagpatuloy sa mga taga ibang bayan, kung siya'y naghugas ng mga paa ng mga banal, kung siya'y umabuloy sa mga napipighati, kung ginanap niya na may kasipagan ang bawa't mabuting gawa." (1 Timoteo 5:9-10) MA's mababa sa edad na 60, sila'y maaring pang mag trabaho at hindi nila kailangang suportahan, maliban kung sila'y may sakit at ang kanilang katawan ay hindi na kaya para mag trabaho o sila'y hindi makahanap ng trabaho.

Mas higit sa edad na 60, ang babae balo ay suportahan ng wala ngunit dapat ay nagpakita ng mabuting balita, nagpalaki ng makaDiyos na mga anak, ay tumulong sa mga tao, ay naglingkod sa mga banal, ay hinalinhan ang mga nagdurusa, at gumawa ng mabuting gawa sa Diyos.

Ang mga pamantayan ito ay mabuti upang ibiga sa mga tao (mga babaeng balo) ay maging alisto na sila'y hindi makakatanggap ng awa maliban kung sila'y magpapakita ng awa sa iba at namumuhay sa kabanalan at sa mga mabuting halimbawa sa iba upang sumunod.

"11 Nguni't tanggihan mo ang mga batang babaing bao: sapagka't pagkakaroon nila ng masamang pita na hiwalay kay Cristo, ay nagsisipagnasang magasawa;12 Na nagkakaroon ng kahatulan, sapagka't itinakuwil nila ang unang pananampalataya.13 At bukod dito ay nangagaaral din naman na maging mga tamad, na nagpapalipatlipat sa bahay-bahay; at hindi lamang mga tamad, kundi matatabil din naman at mga mapakialam, na nagsisipagsalita ng mga bagay na di nararapat.14 Ibig ko ngang magsipagasawa ang mga batang babaing bao, magsipanganak, magsipamahala ng sangbahayan, huwag magbigay sa kaaway ng anomang pagkadahilanan ng ikalilibak: 15 Sapagka't ang mga iba'y nagsibaling na sa hulihan ni Satanas." (1 Timoteo 5:11-15) Ang mga batang babaeng balo sila'y kailangan turuan ng higit at bantayan ng higit laban sa tukso ng laman at immoralidad. Sila'y kailangan turuan upang mag trabho at magalaga para sa kanilang mga anak.

Tungkol sa pagbibigay sa kanilang ng payo upang magpakasal, ito'y posible kung ito'y nauukol at kung ang kanilang pinansyal at materyal na kalagayan ay pinapayagan nilang gawin iyon.

Ang parehong pamantayan na maari natin magamit at gawin sa iba pang kategorya sa mga nasa ilalim ng mga pribilehiyo. Kailangan nating makita kung kanino tayo tinawag upang ipakita ang awa at ano ang uri ng serbisyo na sa atin ay tinawag upang ialok.

Sa aking mahal at minamahal: Ang pagsasalarawan na ating napagusapan tungkol kung paano pangalagaan at ipakita ang awa para sa mga kapos palad na mga tao, and mga ulila, ang mga babaeng balo, ang solo ina, ang mga solong magulang ay sadya upang tulungan natin at upang bigyan tayo ng malinaw na pagkakaunawa kung paano mag ebanghelyo at magdisipolo ng mga tao na ang Diyos ang tumawag sa atin upang tingnan sila, alagaan at ipakita ang awa.

Ito ang isang sa mga paraan upang palawakin ang ating ministerio at isang paraan upang ipakita ang pangangaalaga ng Diyos, pagibig ng Diyos, at awa sa mga iniibig ng Diyos at pinagmamalasakitan niya. Ito din ay kalugod lugod sa Diyos, habang tayo ay maawain at nagpapakita ng awa sa iba. Ito din ay mabuti sa atin; habang tayo ay nagpapakita ng awa sa mga karapat dapat dito, tayo din ay makakakuha ng awa.

Sa pagkuha ng paraan ng Diyos, pamumuhay sa kabanalan, at ginagawa ang Kanyang kalooban, at namumuhay sa istilo na itinalaga Niya ay makakatulong sa atin upang ipakita ang awa sa iba. Si Elias, Pablo, at Santiago ay hindi makakaya na ipakita ang awa sa mga kapos palad at mag ministerio sa kanila maliban sila'y sumunod sa istilo ng buhay na sinabi ng Diyos sa kanila upang isabuhay.

Upang ipakita ang awa ay sa pamamagitan ng pamamahala sa mga kapos palad, sa mga balo, at sa mga mga ulila na walang alam ng Salita ng Diyos at kalooban ng Diyos, pagbibigay sa kanila ng mabuting payo at pamamahala sa buhay ng may kasamang mga payo.

Upang ipakita ang awa ay sa pagsaway sa mga kapos palad, sa mga balo, mga ulila para sa kanilang mga kasalanan, pagtutuwid sa kanila at pananalangin para sa kanila.

Maging masipag upang abutin ang mga kapos palad, mga balo, mga ulila, na gusto ng Diyos sayo upang abutin at upang tulungan sila at ipakita sa kanila ang awa. Bigyan sila ng Kaniyang Salita at mga tagubilin. Maging matiisin at handa upang subaybayan sila at payuhan sila at ituwid sila sa mga paraan ng Diyos. Kailangan mo din ipakita ang awa saanman ikaw ay inihahantong ng Diyos, sapagkat hindi mo alam anong oras na kailangan mo ang awa ng Diyos.

Aking Panalangin: Ama naming Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na siyan namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa ikatlong araw at binigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa iyong salita na nabuksan ang aking kaisipan ng malinaw at maunawaan ang iyong kalooban at ang paraan upang maglingkod sayo. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang tumahan sa Salita ito nasa sayo, tulungan mo ako Panginoon upang magtiis upang magamit ang mga prinsipyong ito sa aking buhay sa mga taong tinawag ako upang alagaan at ipakita ang awa.

Panginoon ako ay nanalangin para sa aking sarili upang punuin ng higit ng pagibig tungo sa mga kapos palad, at sa mga nasa kaguluhan, ang may sakit, ang mga balo, ang mga solong ina, ang mga solong magulang, at ang mga ulila. Panginoon ako'y pumapayag upang maglingkod sayo sa direksyon ito.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ng kanilang sarili sa harapan mo upang mamuhay at ilapat ang mga prinsipyo na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito upang protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon aliwin mo sila at siguraduhin sa kanila na ikaw ay kasama nila at gabayan sila sa kanilang buhay. Panginoon punuin mo ulit sila ng iyong Banal na Espiritu at gawin mong ang kanilang buhay patotoo na kaakit bakit sa iba upang ang mga tao'y maniwala sayo at simulang sumunod sayo at mamuhay ng naayon sa Salita at sa iyong katuwiran. Panginoon gamitin kami upang makapagebanghelyo at upang makagawa ng bagong alagad mo.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na lahat sa kanila ay maging na iyong inaasahan upang kumilos at magalaga para sa mga kategorya ng mga taong nangangailangan ng iyong pagibig at ng iyong pangangalaga.

Panginoon, ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan upang tulungan kami, protektahan kami, at pagkalooban kami upang magpatuloy na maglingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at magbigay daan sa amin upang makapagebanghelyo at upang abutin ang mga bagong tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nanalangin na iyong bigyan daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami makadama ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus, Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.